




10 Hakbang sa Paggawa ng SOLAR SALT

Dr. Westly R. Rosario



Para sa karagdagang kaalaman, sumangguni sa:

Bureau of Fisheries and Aquatic Resources

NATIONAL INTEGRATED FISHERIES TECHNOLOGY DEVELOPMENT CENTER

Bonuan Binloc, Dagupan City

Tel. No.: (075) 653-5412; Telefax: (075) 653-0385

E-mail : bfarniftdc@yahoo.com; westlyrosario@gmail.com

Facebook & twitter account: aquatechdocwestly@yahoo.com



NATIONAL INTEGRATED FISHERIES TECHNOLOGY DEVELOPMENT CENTER

Bureau of Fisheries and Aquatic Resources

Department of Agriculture

Tel. No.: (075) 653-5412; Telefax No.: (075) 653-0385



Published by the ASIAN FISHERIES ACADEMY

E-mail : asianfishacademy@yahoo.com

Tel. No.: (075) 653-8851

PANIMULA

Ang asin ay isang napakahalangang mineral na ginagamit sa sa araw-araw na pamumuhay ng mga tao dahil sa mga pangunahing gamit nito katulad ng pagbibigay lasa sa pagluluto at pagpepreserba sa pagkain. Ito rin ay ginagamit sa industriya sa paggawa ng ibat-ibang bagay tulad ng papel, pangkulay sa mga damit, paggawa ng sabon, at bakal.

Dahil dito, ang Bureau of Fisheries and Aquatic Resources National Integrated Fisheries Technology Development Center (BFAR-NIFTDC) ay gumawa ng simpleng teknolohiya sa paggawa ng asin gamit ang sikat o init ng araw upang makagawa ng organikong asin o tinatawag na solar salt. Ang layon ng teknolohiya ay makapag-bigay ng simple pero mapagkakakitaang hanapbuhay sa mga taong naninirahan sa tabi ng dagat.

Ang paggawa ng solar salt ay isang simpleng teknolohiya na nangangailangan lamang ng materyales katulad ng plastic, kawayan, at maliit na patag na lugar sa aplaya o tabi ng dagat. Ang teknolohiyang ito ay maaaring gayahin ninoman dahil hindi ito nangangailangan ng malaking kapital at espasyo para masimulan. Sa plastik na may sukat na 30 metro kuwadrado ay aani ng kalahating sakong asin bawat linggo. Sa anim na yunits ng “*plastic plots*”, maaaring magkaroon ng kitang Php 500 ang isang pamilya araw-araw. Ang pag-aasin ay magagawa tuwing tag-araw o tag-init at tatagal ng anim na buwan taon-taon. Ito ay magandang karagdagang hanapbuhay o kita para sa mga pamilya lalo na sa mga taong nakatira malapit sa dagat.

9. Ilagay ang asin sa kaing o sako at ipagbili.



10. Lagyan muli ng tubig ang asinan.



7. Lagyan ng tubig-dagat ang plastik sa lalim na 3 pulgada. Kung mabuhangin ang tubig, padaanin ito sa salaan (tela ng damit o kaya'y supot ng arina).



8. Maghintay ng 7 araw at anihin ang asin (sa plastik na 30 metro kuwadrado, aani ng kalahating sakong asin).



Ang mga sumusunod ay hakbangin sa paggawa ng solar salt:

1. Maghanap ng patag na lugar sa tabi ng dagat.



2. Linisin ang lupa nang naayon sa lapad at haba ng plastik na gagamitin.



3. Gamit ang nibel, pantayin ang pagkakapatag ng lupa upang masiguro na ang lalim ng tubig sa plastik ay magkakapare-pareho.



4. Ilatag ang plastik at lagyan ng patigas sa gilid ng plastik katulad ng puno ng kawayan o pira-pirasong tabla upang makapag-apon ng tubig sa lalim na 3 pulgada.



5. Maglagay ng bakod na plastik o kaya ay sako o anumang bagay na maaaring makapigil sa buhanging tinatangay ng hangin.



6. Hugasan ang gawaan ng asin ng makalawang beses upang maalis ang anumang dumi na maaaring nakadikit sa plastik.

